JESUS
316

# Sino si Jesus?

**Sino si Jesus?** Ibinigay sa atin ng Biblia ang nag-iisang tunay na sagot sa katanungang ito. Ang sabi ni Apostol Pablo: *"Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan [hiningahan] ng Diyos,"* 2 Timoteo 3:16. At itong Biblia na hiningahan ng Diyos, mula Genesis hanggang Pahayag, ay nagtuturo na si Jesus ay Diyos mula pa sa walang hanggan. Sinasabi ng Biblia na Siya *"ang Alpha at ang Omega, ang kasalukuyan, nakaraan, at darating."* Pahayag 1:8. Ipinapakilala ng Biblia si Jesus bilang Diyos, ang Manlilikha, ang Dakilang Pastol, ang Panginoon, ang Manunubos, ang Kordero ng Diyos, ang Panginoon ng mga Panginoon, ang Hari ng mga hari, ang Emmanuel (ang Diyos na kasama natin), Tagapagligtas, Punong Saserdote, at ang Muling Pagkabuhay at ang Buhay.

**Si Jesus ang Manlilikha.** *"Nang pasimula ay naroon na ang Salita; ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. Sa pasimula ay kasama na ng Diyos ang Salita. Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan niya, at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan niya. Naging tao ang Salita at nanirahan sa piling namin. Nakita namin ang kaluwalhatiang tunay na kanya bilang kaisa-isang Anak ng Ama,"* hinalaw mula sa Juan 1:1-14. *"Sapagkat sa pamamagitan niya ay nilikha ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga espirituwal na kapangyarihan, paghahari, pamamahala, at pamumuno. Ang lahat ay nilikha ng Diyos sa pamamagitan niya at para sa kanya,"* hinalaw mula sa Colosas 1:16-17.

**Si Jesus ang dakilang "AKO NGA."** Si Jesus, ang Anghel ng Panginoon na tumawag kay Moises mula sa nagliliyab na punong kahoy doon sa Exodo 3 (~1,450 BC) at ipinakilala ang Kanyang sarili bilang ang dakilang *"AKO NGA."* Sa Juan 8, ipinahayag ni Jesus ang Kanyang sarili bilang ang dakilang "AKO NGA" na umiral bago pa nabuhay si Abraham (~2,100 BC) at bago pa ang lahi ng mga Judio. Naunawaan iyon ng mga Judio na nakarinig sa Kanya bilang tuwirang pagsasabi na Siya ay Diyos, at dahil rito'y dumampot sila ng mga bato upang Siya'y batuhin. Pagkatapos nito, sinabi pa ni Jesus, *"Ako at ang Ama ay iisa,"* Juan 10:30-31. Muling dumampot ng mga bato ang mga Judio upang Siya'y batuhin.

**Si Jesus sa Lumang Tipan.** Wala pang sinuman ang nakakita sa Diyos Ama, Juan 1:18; 6:46. Subalit ang Diyos, sa pamamagitan ng kapahayagan ni Jesus bago Siya nagkatawang-tao, ay nagpakita sa ilang tao noong panahon ng Lumang Tipan bago Siya isinilang sa Bethlehem. Siya ay nagpakita bilang Anghel ng Panginoon kay Hagar doon sa Genesis 16 at 21; kay Moises sa Exodo 3, kay Gideon sa Hukom 6, at sa mga magulang ni Samson sa Hukom 13. Nagpakita rin si Jesus kay Abraham sa Genesis 18 at 22, at kay Jacob sa Genesis 31 at 32. Si Jesus ay binanggit rin bilang isa sa Banal na Trinidad doon sa Isaias 48:12–19 (isinulat noong 700 BC).

**Si Jesus ang Katuparan ng Propesiya.** Mahigit sa 300 propesiya sa Lumang Tipan, na isinulat daan-daang taon na ang nakakaraan, ay naglalarawan sa kapanganakan, buhay, at kamatayan ni Jesus. Ilan sa mga propesiyang iyon ay matatagpuan sa Awit 22, at ito ay nagbibigay ng detalye tungkol sa malagim na kamatayan ni Jesus sa krus (isinulat noong 1,000 BC kung saan ang pagbato ang siyang paraan ng eksekusyon). Ang katuparan ng mga propesiya sa Awit 22 ay nakatala sa Mateo 27.

**Si Jesus ang Diyos na Nagkatawang-Tao.** Si Propeta Isaias ay nagpropesiya na *"isinilang ang isang sanggol na lalaki para sa atin,"* (Isaias 9:6). Sinabi ni Isaias na ang Sanggol na iyon ay ang Makapangyarihang Diyos. Ang walang hanggang Anak ay ibinigay sa atin bilang isang bata na ipapanganak sa Bethlehem. Si Jesus ay umiral na bago pa lamang Siya ipinanganak – Siya'y mula sa walang hanggan. Ang titulong "Anak ng Diyos" ay naglalarawan ng Kanyang posisyon sa halip na kapanganakan. Hindi ito nangangahulugan na ang pag-iral Niya ay nagsimula nang Siya'y ipinanganak sa Bethlehem. Ang sabi ni Apostol Pablo *"Nawa'y magkaroon kayo ng kaisipan na tulad ng kay Cristo Jesus. Kahit taglay niya ang kalikasan ng Diyos, hindi niya ipinagpilitang manatiling kapantay ng Diyos. Sa halip, kusa niyang binitawan ang pagiging kapantay ng Diyos, at namuhay na isang alipin. Ipinanganak siya bilang tao. At nang siya'y maging tao, nagpakumbaba siya at naging masunurin hanggang kamatayan, maging ito man ay kamatayan sa krus,"* Filipos 2:5-8. Dito'y sinasabi na si Jesus ay naging ganap na tao habang taglay Niya ang Kanyang pagiging Diyos. Ang walang hanggan na si Jesus na umiiral na bago pa man ang lahat ng bagay ay bumaba mula sa Langit upang maging tao (Juan 3:13, 31; Juan 6:33-38). Si Jesus ay sabay na naging Diyos at tao.

**Si Jesus ay gumawa ng mga himala.** Marami sa mga himalang ginawa ni Jesus ay nakatala sa Bagong Tipan. Tatlong himala ang siyang may napakalinaw na pagpapatunay sa Kanyang mga pahayag. Pinakain Niya ang 5,000 mga tao at pagkatapos ay sinabi Niya, *"Ako ang tinapay ng buhay,"* Juan 6:35. Pinagaling Niya ang isang bulag at sinabi Niya, *"Habang ako'y nasa sanlibutan, ako ang ilaw ng sanlibutan,"* Juan 9:1-8. At sinabi rin Niya, *"Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay. Ang sumasampalataya sa Akin, kahit siya'y mamatay, ay mabubuhay,"* Juan 11:25. Pagkatapos nito ay pumunta si Jesus sa libingan ng Kanyang kaibigan na si Lazaro na kung saan ay apat na araw ng patay. Tinawag niya ito mula sa libingan at ito ay muling nabuhay. Pinagaling ni Jesus ang mga may sakit, ang mga baldado, bingi, pipi, ketongin, at inaalihan ng masamang espiritu. Ginawa Niyang alak ang tubig, naglakad sa ibabaw ng dagat, at pinatahimik ang malakas na alon. Isinalaysay sa Mateo 9:2-7 ang pagdadala ng isang lalaking paralitiko kay Jesus.

Sinabi Niya sa lalaki, *"Magpakatatag ka, anak; pinatawad na ang iyong mga kasalanan."* Inisip ng mga pinuno ng relihiyon na ang sinabi ni Jesus ay isang kalapastanganan; ito'y dahil ang Diyos lamang ang may karapatang magpatawad ng kasalanan. Tinanong sila ni Jesus, *"Alin ba ang mas madali, ang sabihing, 'Pinatawad na ang iyong mga kasalanan,' o ang sabihing, 'Tumindig ka at lumakad?' Ngunit upang inyong malaman na ang Anak ng Tao ay may kapangyarihan dito sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan—sinabi Niya sa paralitiko, 'Tumindig ka, buhatin mo ang iyong higaan at umuwi ka na.' At tumindig nga siya at umuwi."*

**Pinatunayan ni Jesus na Siya ay Diyos.** Tinupad Niya ang mga propesiya sa Lumang Tipan tungkol sa Kanyang kapanganakan, buhay, at kamatayan. Gumawa Siya ng maraming himala upang ipakita na Siya nga ay Diyos. Nagturo Siya ng may awtoridad. *"Namangha kay Jesus ang mga tao nang kanilang marinig ang kanyang pagtuturo sapagkat nagturo siya nang may kapangyarihan, hindi tulad ng mga tagapagturo ng Kautusan,"* Mateo 7:28-29. Siya ay namuhay ng walang bahid ng kasalanan, Hebreo 4:15; 1 Pedro 2:22; 1 Juan 3:5. Si Jesus nga ay Diyos na nagkatawang-tao na Siyang perpektong Kordero ng Diyos na inihandog ang sarili sa krus para sa ating mga kasalanan. *"Sa kanyang pagkamatay sa krus, pinasan niya ang ating mga kasalanan upang tayo'y mamatay na sa kasalanan at mamuhay nang ayon sa kalooban ng Diyos,"* 1 Pedro 2:24.

**Si Jesus ay Ipinako sa krus at muling nabuhay mula sa mga patay.** *"Tinubos kayo hindi sa pamamagitan ng mga bagay na nasisira, tulad ng ginto o pilak, kundi sa pamamagitan ng mahalagang dugo ni Cristo. Siya'y tulad ng korderong walang dungis at kapintasan,"* 1 Pedro 1:18-19. *"Siya'y pinatay nila; siya ay ipinako nila sa krus. Ngunit siya'y muling binuhay ng Diyos sa ikatlong araw at hinayaang ipakita ang sarili...Siya ang tinutukoy ng mga propeta nang kanilang ipahayag na ang bawat sumampalataya sa kanya ay tatanggap ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pangalan."* Gawa 10:39-40, 43. *"Sapagkat ibinigay ko sa inyo bilang pinakamahalaga sa lahat ang tinanggap ko rin: na si Cristo›y namatay dahil sa ating mga kasalanan, tulad ng sinasabi sa Kasulatan; inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, tulad din ng sinasabi sa Kasulatan."* 1 Corinto 15:3-4. Mula sa libingan ay muling nabuhay si Jesus at ito'y nakita ng maraming saksi bago Siya umakyat sa Langit.

**Si Jesus lamang ang nag-iisang daan patungo sa Diyos.** Ang sabi ni Jesus, *"Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko,"* Juan 14:6. Ang sabi naman ni Apostol Pedro, *"Sa kanya lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat walang ibang pangalan sa buong daigdig na ibinigay ng Diyos sa mga tao upang tayo ay maligtas."* Gawa 4:12. Ang sabi naman ni Apostol Pablo, *"Sapagkat iisa ang Diyos at iisa ang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus. Inihandog niya ang kanyang buhay upang tubusin ang lahat mula sa kasalanan,"* 1 Timoteo 2:5-6. Ang daan ni Jesus patungo sa Diyos ay naiiba mula sa ibang relihiyon. Wala silang tunay na solusyon sa ating problema sa kasalanan. Itinuturo nila na kung ikaw ay gumagawa ng mabuti batay sa kanilang sariling pamantayan ng mabuti at masama, maaaring palampasin ng kanilang mga diyos ang iyong kasalanan at papasukin ka sa Langit. Ang daan ni Jesus ay sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya; na ang iyong mga kasalanan ay binayaran na Niyang lahat doon sa krus at ikaw ay pinatawad na. Sa pamamagitan ni Jesus, ikaw ay makakapasok sa Langit na isang pinatawad. *"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan,"* Juan 3:16.

**Si Jesus ay magbabalik.** Sinabi ni Jesus, *"Huwag mabagabag ang inyong kalooban; sumampalataya kayo sa Diyos, sumampalataya din kayo sa akin. Sa bahay ng aking Ama ay maraming silid. Kung hindi ito totoo, sasabihin ko ba sa inyong pupunta ako roon upang ipaghanda ko kayo ng inyong matitirhan? At kapag naipaghanda ko na kayo ng matitirhan, ako'y babalik at isasama ko kayo upang kayo'y makapiling ko kung saan ako naroroon."* Juan 14:2-3. At sa huling pahina ng Biblia, sinabi ni Jesus, *"Tiyak na nga! Darating na ako!"* At tugon ni Apostol Juan, *"Amen! Dumating ka nawa, Panginoong Jesus,"* Pahayag 22:20-21. Kaya nga, kung si Jesus ay bumalik ngayon, handa ka na bang humarap sa Kanya? Bisitahin ang www.Gospel316.org upang matiyak mo kung handa ka na nga ba; ito'y sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus at pagpapatawad ng Diyos.

**Si Jesus ay Diyos mula sa walang hanggan.**

**Mamangha sa kabanalan ng Kanyang dakilang pangalan!**

---

*Sino si Jesus?* © 2025 ni John D. Morris III ay inilathala ng Acts One Eight. Malaya mo itong i-print, kopyahin, i-post, i-email, o i-mensahe nanghindi binabago ang nilalaman at kasama ang buong pahayag na ito. Maaari mong idagdag ang pangalan o logo ng iyong ministeryo o simbahan sa itaas ng unang pahina, at idagdag ang iyong contact information sa itaas ng solidong linya sa ibaba ng ikalawang pahina. Ang Jesus316 ay nakabatay lamang sa Biblia. Ito ay umiiral upang tulungan ang mga tao na magkaroon ng pananampalataya kay Jesu-Cristo at lumago bilang Kanyang mga alagad. Maaari kang mag-email sa Acts One Eight (sa Ingles kung maaari) sa: Hello@Mail316.org. Ang mga serbisyo ng pagsasalin para sa mga hindi Ingles na bersyon ay mula sa www.ChristianLingua.com. *Sino si Jesus?* ay makukuha sa 48 na wika ng libre sa www.Jesus316.org. Ang mga sipi ng Biblia sa Ingles na bersyon ay mula sa New American Standard Bible 1995 ng The Lockman Foundation. Ang mga sipi ng Biblia sa pagsasaling ito ay mula sa Magandang Balita Biblia 2012.